

Chapter One

Burbank, California...

Sa ikalimang palapag ng isang simpleng apartment building ay makikita ang isang kuwarto kung saan nagkalat ang mga damit, libro, papel at sari-saring kulay at laki ng mga paper bag. Tila dinaanan ito ng bagyo, ngunit di iyon alintana ng karaniwa'y neat freak na si Daniella. Ngayon lang siya magkakaroon ng oras upang mag-empake at ayusin ang ilan pang mga bagay na kakailanganin niya para sa pag-uwi sa Pilipinas isang linggo mula sa araw na iyon.

Sa bay window ay nakapuwesto ang kanyang kaibigan at kashare sa apartment unit na si Janet, isa ring Filipina na nakilala niya noong huling taon niya sa college sa *University of California* – Los Angeles. Abala ito sa paghahalungkat sa isang kahon na nakuha nito sa gitna ng tila garbage dump na niyang kama. Samantalang siya naman ay abala sa pamimili ng mga damit na iuuwi.

“Whatever happened to my obsessive-compulsive room mate? You know, the super neat freak, na pati ako gustong i-vacuum pag naglilinis ng bahay?” nang-iinis na tanong nito

habang gumagala ang mga daliri sa mga laman ng kahong nasa kandungan.

Hindi kumibo si Daniella habang sige ang pag-iinspeksyon sa mga bunton ng damit sa kama.

Naiiling na muli lang inabala ni Janet ang sarili sa kahong nasa harapan, curious sa mga laman. Most were cards and letters, mula sa tatay ni Daniella na nasa Pilipinas, o kaya'y sa mga Rodriguez, especially the women. Kahit uso na ang *Skype* at *Facebook* ay sige pa rin ang mga ito sa pagpapadala ng cards tuwing Pasko at birthday niya.

Ang mga Rodriguez ang pamilyang pinagtatrabahuhan ng kanyang ama bilang driver at ng kanyang ina bilang kusinera noong nabubuhay pa ito. They are among the richest families sa kanilang munting bayan ng Manolo sa Quezon, at isa rin sa pinaka-well loved ng mga tao roon.

Mababait ang mga ito at hindi kailanman kinakitaan ng pagiging matapobre. At dahil sa mansiyon nagtatrabaho ang kanyang mga magulang ay kasa-kasama siya palagi ng mga ito, dahilan upang mapalapit siya sa amo ng mga magulang, lalong-lalo na kay Lola Marina, ang kanilang matriarch, at sa manugang nitong si Stella.

Parehong lalaki ang mga anak nito at hindi na maaring

masundan pa, kaya tila anak na ang turing nito sa kanya. Malapit din sa kanya ang mga anak nito, lalo na si Kyler na dalawang taon lamang ang tanda sa kanya. Higit pa lalo na naging malapit siya sa mga ito nang pumanaw ang kanyang ina noong walong taong gulang siya dahil sa komplikasyon sa pneumonia.

Hindi miminsang naikuwento ni Daniella sa kaibigan ang mga ito. Janet also knew about Kyler, ang kanyang kaibigang nagturo sa kanyang maggitara. Ngunit wala siyang nabanggit na iba pa tungkol sa lalaki maliban doon. Ni hindi alam ni Janet kung ano ang itsura nito. Alam niyang curious ang kaibigan dahil nagtataka na ito na tila may kakaiba sa kanya tuwing mababanggit ang lalaki.

She's definitely fond of him, that's for sure. Janet insists though, that there's something more about the guy than being the nice brotherly figure sa buhay niya.

Wala rin siyang naikukuwento tungkol sa personal life niya sa Pilipinas. Dahil bata pa naman siya noong lisanin ang bansa at wala pa sa isip niya ang magka-boyfriend.

Hanggang ngayon din naman, even if she never ran out of men who would ask her for dates, hindi lahat ay pinagbibigyan niya. Kung nakikita niyang interesting ang isang tao ay binibigyan niya ng pagkakataon, but most never went beyond second dates. Idagdag pa ang busy schedule sa trabaho

niya. Kaya naman alam niyang natutuwa ang kaibigan at makakapagbakasyon siya ngayon. She deserves a break.

At malay ba nito kung may gusto siyang balikan o kung anupaman? She sighed. Pagtingin niya sa direksyon ni Janet ay nakita niya itong muling naghahalungkat sa kahon.

Until she seemed to have found exactly what she was looking for, ang nakaipon sa isang envelope na may karamihan ding litrato. One picture caught her friend's prying eyes. Isang picture na malaki kaysa karamihan. Nilingon siya ni Janet, at agad siyang kinabahan at pansamantalang nahinto ang pagbabalik ng mga damit sa closet. Pagkatapos ay muling tinitigan nito ang litrato. Pagkuwa'y muli siyang tiningnan.

"Dani, is this Kyler?" anito sabay taas ng picture upang makita niya. Agad niyang naramdaman ang tila paninigas ng likod nang mapagmasdan ang hawak ng kaibigan.

"What? Are you okay?" Agad namang tumayo si Janet at nilapitan siya. "Well, is this Kyler?" Iwinasiwas pa nito ang hawak.

"No, that's not... Kyler," mahinang tugon niya, iniiwas ang mga mata sa litratong hawak ng kaibigan, na noo'y iwinawagayway pa nito sa harap niya.

"Eh, sino ito?"

“Akina nga iyan,” wika niya sabay agaw sa picture, ngunit mabilis ang kamay ni Janet at agad itong naitago sa likuran nito.

“Not until you tell me who this is....” Umatras ito at muling sumampa sa bay window, hawak ang larawan sa dibdib nito.

“Alright...” buntong-hininga niya. “That’s Kendrick, kuya ni Kyler. Ngayon, akin na iyan.” Muling sinubukan niyang kunin ang picture, ngunit agad itong naitagong muli ng kaibigan sa likod nito.

“Kendrick... why didn’t I know anything about him? Bakit hindi mo yata naikukuwentong may kapatid pala si Kyler, na ubod ng guwapo? Parang si *Captain America*! At bakit ganyan ang reaksyon mo nang makita mo ito kanina? Para kang nakakita ng multo.” Matamang tiningnan siya nito, at gustong manliit ni Daniella sa kinatatayuan.

She thought she had done a great job at burying the past, pero eto at nagdudumilat sa kanyang harapan ang katotohanang hindi niya ito basta-basta matatakasan. Heck, nobody knew about Kendrick and whatever she thought she had for him simula noong tumuntong siya ng Amerika maraming taon na ang nakakaraan.

“Uhm, buhay pa ba ito at tunay na ngang multo?” muling tanong ng kaibigan sa kanya.

Hindi siya sumagot. Her mind seemed to have flown off somewhere.

“Well?” untag ni Janet, na noo’y muli nang nakatayo, nasa tabi niya. Hawak pa rin nito ang picture.

“There’s nothing to it, Janet. Nagulat lang ako kanina, ’yun lang. Hindi ko alam na naitatago ko pa pala iyan,” iwas niya, at muling ipinagpatuloy ang ngayo’y paglilinis na ng mga kalat sa kanyang kama.

“Sa tingin mo maniniwala ako diyan? Alam mong I’ve always been curious about this thing about you. The kind of look I see in your eyes sometimes. Iniisip ko, perhaps it’s sadness, because you left a lot of people who mattered to you many years ago. But then again, hindi ’yon, eh. There’s this.... I dunno, ‘haunted’ look about you. Like you’re running away from something. Like you’re hiding, ewan....”

Tahimik na ipinagpatuloy lamang niya ang ginagawa, iniiwasang mapatingin sa kaibigan.

“Like you’re holding back? Parang may ayaw kang isipin o maalala?” patuloy ni Janet, na noo’y naupo na sa kama at pinipilit na hulihin ang mga mata ng kaibigan.

“I didn’t know you majored in Psychology? Akala ko, Advertising,” mahinang sabi na lamang niya, in an attempt na

ilihis ang usapan.

“Well, even a six-year old can tell you simply don’t want to talk about it,” wika nito, may kaunting tampo na sa tinig.

Hindi na lamang kumibo si Daniella.

“Oh, and I may not be a Psych major. But I am your friend.” Tumayo ito, lumapit sa pintuan. “I’m going to order a super-family size pizza from *Rocco’s*. If you’d like to share, I’m just in the other room.” Iyon lang at isinara na nito ang pinto.

Naiwan siyang kagat ang pang-ibabang labi. Napasulyap sa lugar na inuupuan nito, and saw the picture. Dinampot niya iyon at pinagmasdan. Nakatitig siya sa litrato ngunit wala doon ang isip niya kundi sa alaalang binubuhay ng larawang iyon. It wasn’t really about Kendrick all this time. Ni hindi niya maalala kung bakit pinadalhan siya ng picture nito. Why didn’t she have a picture *of him*, anyway?

Him. *Kyler*.

Her heart began beating wildly, like it did whenever she’d see that face, years and years ago.

Huminga siya nang malalim at tinungo ang pinto, binuksan iyon at nakitang nakaupo sa couch sa sala si Janet, hawak ang telepono. Alanganing ngumiti siya rito. “Pakisabi namang extra mushroom at bacon. Magpa-special request ka na ring ikuha

tayo ng half-gallon ng ice cream, strawberry flavor.”

Nagkibit-balikat lamang ang kaibigan sa sinabi niya, na sinagot naman niya sa pamamagitan ng pagbato rito ng throw pillow. “I’ll pay for the pizza and ice cream, Janet. At pakihanda iyang sarili mo dahil mahaba-habang usapan ito.”